# GREAT FAITH

FILIPINO

**PANANALANGIN AT PAG-AAYUNO SA KALAGITNAAN NG TAON**

**HULYO 2–4, 2019**

# GREAT FAITH

FILIPINO

**PANANALANGIN AT PAG-AAYUNO SA KALAGITNAAN NG TAON**

HULYO 2—4, 2019

VICTORY

© 2019 ng Victory. Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Ang lahat ng mga sipi ng mga katagang mula sa mga kilalang indibidwal ay isinalin sa Filipino. Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND)
Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

***victory.org.ph***

# Nilalaman

*Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno* ........ 3

*Ang Plano Ko* ........ 7

*Panimula: Dakilang Pananampalataya* ........ 12

*Ang Dakilang Pananampalataya ng Cananea* ........ 13

*Ang Dakilang Pananampalataya ni Bartimaeus* ........ 17

*Ang Dakilang Pananampalataya ng Maruming Babae* ........ 21

*Ang Dakilang Pananampalataya ng Kapitan* ........ 25

*Ang Dakilang Pananampalataya ng Apat na Kalalakihan* ........ 29

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> *Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1,2**
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nagkakaroon tayo ng daan palapit sa Kanyang puso.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga natural nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> *. . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain.* **2 CRONICA 7:14**

Sa kasaysayan, makikitang ang Diyos ay naghatid sa mga bansa ng muling pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."*
> **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa pahina 8—10, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa pahina 7. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 9.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

# Habang Nag-aayuno

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

> *At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.* **1 JUAN 5:14,15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, *salad*, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Aking Plano

## Day 1

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

____________________________

## Day 2

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

____________________________

## Day 3

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

____________________________

# *Nagpapasalamat Ako sa Diyos para sa . . .*

## Mga Nasagot na Panalangin

*Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo ngayong 2019.*

# *Sa natitirang bahagi ng 2019, patuloy akong mananampalataya para sa . . .*

## Nais kong Makamtan para sa Aking Sarili

*Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay*

## Aking Pamilya

*Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan*

## Aking Pag-aaral/Trabaho

*Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon*

## Aking Paglilingkod

*Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kasama sa Trabaho at Kamag-aral*

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

**Kasama Ko sa Pananalangin:** ____________________

# *Nangangako Akong Mananalangin Para Kina . . .*

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# *Nangangako Akong Mananalangin Para Sa . . .*

## Aking Iglesya

*Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo*

## Aking Komunidad

*Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya*

## Aking Bansa

*Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan*



## PANIMULA:

# DAKILANG PANANAMPALATAYA

Noong nakaraang Enero, nagtakda tayo ng isang linggo ng pananalangin, pag-aayuno, at paglalaan ng oras sa Panginoon upang makarinig mula sa Diyos at malaman ang kalooban Niya para sa atin sa taong ito. Noong buong linggong iyon, pinag-aralan natin ang buhay ng mga kalalakihan at kababaihang matatagpuan sa aklat ng Mga Hebreo na nagpakita ng dakilang pananampalataya. Ang mga buhay nila ay nagsilbing mga halimbawa at inspirasyon upang tayo rin ay magkaroon ng dakilang pananampalataya.

Habang patuloy tayong naniniwala sa Diyos para sa mga dakilang bagay, titignan natin ang mga kuwento ng limang tao na mababasa sa mga Ebanghelyo na nagpakita ng pananampalataya at nakatanggap ng higit pa sa hinihiling nila kay Jesus. Ang dalawa rito, ang kapitan ng hukbong Romano at ang Cananea, ay kinilala ni Jesus dahil nagpakita sila ng dakilang pananampalataya. Sa pamamagitan ng buhay nila at ugnayan kay Jesus, makikita natin kung paano natin magagawang mamuhay nang may dakilang pananampalataya sa Diyos.

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NG CANANEA

## Basahin MATEO 15:21–28; MARCOS 7:24–30

*At sinabi sa kanya ni Jesus, "Napakalaki ng pananampalataya mo! Mangyayari ang ayon sa hinihiling mo." At nang sandaling iyon ay gumaling ang anak ng babae.* **MATEO 15:28**

Ang pagkikita ni Jesus at ng Cananea ay nagbibigay kasiyahan dahil namangha si Jesus sa ipinakitang pananampalataya ng babae. Isa ito sa mga iilang pagkakataon na kinilala ni Jesus ang isang tao dahil sa taglay niyang dakilang pananampalataya.

Ang Cananea ay lumapit kay Jesus sa paniniwalang si Jesus lamang ang makakapagpagaling sa anak niyang babae na *sinasaniban at lubhang pinahihirapan ng masamang espiritu*. Ang nais niya ay isang mabuting bagay at hindi siya nagkamali sa hiningan niya ng tulong. Subalit naranasan niya ang tanggihan ni Jesus ng dalawang beses at isang beses naman ng Kanyang mga disipulo. Gusto ng mga ito na paalisin siya ni Jesus. Hindi naman sumagot si Jesus noong una siyang nagtanong. Gayunman, nang siya ay nagpumilit, tumanggi si Jesus dahil sa siya ay isang Cananea, at sinabi Niyang naparito Siya para lang sa mga Judio. Sinubukan lamang Niya ang pananampalataya ng Cananea.

Sapat na dapat ang mga pagtangging ito para siya ay sumuko. Subalit kamangha-mangha ang babae dahil hindi siya nagtampo o nawalan ng pag-asa na matanggap ang hinihiling niyang himala. Sa halip na umalis nang may labis na kalungkutan, nagpakita siya ng pagpapakumbaba, at kinilala niya na hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng himala. Sa kabila nito, nanampalataya pa rin siya at humingi ng himala.

Ang pagiging mapagpakumbaba at matiyaga niya ay nagpakita ng dakilang pananampalataya. Matiyaga siyang lumapit sa Diyos dala ang kaalaman na hindi siya karapat-dapat na tumanggap ng anumang bagay subalit maaari siyang umapila sa Kanyang awa.

Alam ng Cananea na bagamat ang pagkain na inilaan para sa mga Judio ay hindi dapat ibigay sa kanya, may mga tira-tira pa rin na nahuhulog mula sa mesa—mga sobrang pagpapala na inihanda ng Diyos para sa

mga hindi Judio. Ang kanyang dakilang pananampalataya ang humipo sa kagandahang-loob ng Diyos dahil naunawaan niya na hindi siya karapat-dapat na tumanggap nito. Ang kasaganaan ng Diyos ay hindi lamang para sa mga Judio. Ibinabahagi rin Niya ito sa iba. Tunay ngang kinaaawaan ng Diyos ang mga mapagpakumbaba.

***Ang dakilang pananampalataya ay nakauunawa na ang ating tagumpay ay dala ng paglapit kay Jesus sa paraang nais Niya, at hindi sa ating pamamaraan.***

# *Isapamuhay*

Paano naitataguyod ang pananampalataya mo sa oras ng paghihirap? Saan dapat naka-angkla ang pananampalataya at pag-asa natin?

May mga panalangin ka ba na wala pang kasagutan hanggang ngayon? Paano ka dapat lumapit kay Jesus habang hinihingi mo ang himalang ito?

# *Manalangin*

☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango mula sa Jeremias 30:17; Juan 6:29; Marcos 11:22–24; Mga Taga-Roma 10:11,12.*

Ama, maraming salamat po na dinidinig mo ang aming mga panalangin at alam mo ang aming mga sitwasyon. Naniniwala ako na manunumbalik ang aming kalusugan at pagagalingin mo ang aming mga sugat. Buo ang tiwala ko dahil naniniwala ako sa ipinadala mo na si Jesus.

Mananalig ako sa Kanya, at naniniwala ako na kaya kong ilipat ang bundok dahil sa puso ko ay walang pagdududa. Maraming salamat dahil alam ko na anuman ang hilingin ko sa pangalan ni Jesus ay ipagkakaloob Niya para sa akin. Hindi ako mapapahiya dahil naniniwala ako sa Iyo at Ikaw ang aking Panginoon.

☐ **Personal na Panalangin** (pahina 9)

☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 10)

☐ **Aking Iglesya** (pahina 11)

☐ **Aking Komunidad** (pahina 11)

☐ **Aking Bansa** (pahina 11)

# Isaulo

*[14]At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban.*
*[15]At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.* **1 JUAN 5:14,15**

> ***"ANG PANANAMPALATAYA AY BUHAY, GANAP NA PAGTITIWALA SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS, AT GANAP NA KATIYAKAN NA KAYANG ITAYA NG TAO ANG KANYANG BUHAY SA DIYOS NANG KAHIT ISANG LIBONG BESES."***
>
> **—Martin Luther,** German Priest and Leader of the Protestant Reformation

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NI BARTIMAEUS

1

## Basahin MARCOS 10:46–52; LUCAS 18:35–43

*Sinabi ni Jesus sa kanya, "Umuwi ka na; pinagaling ka ng iyong pananampalataya." Nakakita siya agad, at sumunod siya kay Jesus sa daan.*
**MARCOS 10:52**

Si Bartimaeus ay isang bulag, at dahil sa kalagayan niyang ito, buong buhay siyang nanlilimos. Wala siyang kakayahan na baguhin ang kanyang kapalaran. Dahil dito, nang malaman niya na dumaraan si Jesus, sumigaw siya ng buong lakas upang siya ay marinig. Sa kabila ng pagpapatahimik sa kanya ng madla, lalo pa niyang nilakasan ang kanyang sigaw, kung kaya't huminto si Jesus at ipinatawag siya.

Isa lamang ang layunin ni Bartimaeus—ang makakita. Subalit nakapagtataka na tinanong muna ni Jesus si Bartimaeus kung ano ang gusto niya. Hindi na Niya kailangang itanong pa dahil malinaw naman kung ano ang kailangan ni Bartimaeus. Subalit hinayaan ni Jesus na sabihin ni Bartimaeus kung ano ang nasa kailaliman ng puso niya.

Tulad nito, may mga bagay na nasa kailaliman ng mga puso natin na tila imposibleng masabi natin sa Diyos. Hindi kailanman magiging abala ang Diyos na mawawalan na Siya ng oras upang makinig sa mga panalangin natin. Inaanyayahan Niya tayo na humiling sa Kanya, dahil alam Niya na wala na tayong pag-asa sa mga sitwasyon natin. Sa tuwing tayo ay tumatawag sa Diyos, nakikipag-usap tayo sa mas nakahihigit kaysa sa ating kalagayan.

Sa kabila ng pagiging bulag ni Bartimaeus, nakita at kinilala niya ang Diyos sa gitna ng kanyang kalagayan. Ito ang nagpalakas ng kanyang pananampalataya upang maniwala para sa isang himala. Ang pananampalataya niya ay naka-angkla sa isang dakilang Diyos, na nagbigay sa kanya ng kakayahan na makakita hindi lamang ang nakikita ng pisikal na mata at maihayag ang isang imposibleng bagay.

***Ang dakilang pananampalataya ay pagtawag kay Jesus at pagtitiyaga upang makamit ang imposible.***

## *Isapamuhay*

Ano ang sinasabi ng Santiago 1:17 tungkol sa Diyos. Bakit natin kayang maniwala sa Diyos kahit para sa mga bagay na imposible sa ating buhay?

May mga panalangin ka ba na nakalimutan mo na? May mga panalangin ba na nakabaon sa kailaliman ng puso mo na hindi mo pa hinihiling sa Diyos? Isulat ang mga ito at ipangakong ipapanalangin sila sa buong panahon ng pag-aayuno. Maniwala na sasagutin ka ng Diyos.

# Manalangin

- ☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

  *Hango sa Juan 6:69; 1 Corinto 2:5; Mateo 21:22; Jeremias 33:6; Mga Salmo 89:6,8.*

  Naniniwala ako, at alam ko na Ikaw ang Banal na Sugo ng Diyos. Wala na akong iba pang mapupuntahan o matatakbuhan. Nagtitiwala ako hindi sa karunungan ng tao, kundi sa iyong kapangyarihan, dahil alam ko na kaya Mong gawin ang mga imposibleng bagay.

  Naniniwala ako, at alam ko na anuman ang hingin ko sa pangalan mo ay matatanggap ko sa pananampalataya sa Iyo. Sa Iyo, matatanggap ko ang aking kagalingan, kasaganaan, kayamanan, at kapanatagan. Walang katulad Mo sa buong mundo. Ikaw at ang Iyong katapatan ay walang katulad, aming dakilang Diyos. Dahil dito, mananalig ako sa Iyo.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 9)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 10)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 11)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 11)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 11)

# Isaulo

*Sapagkat namumuhay tayo sa pananampalataya at hindi ayon sa mga bagay na nakikita.* **2 CORINTO 5:7**

> **"NAKIKITA NG PANANAMPALATAYA ANG MGA BAGAY NA HINDI NAKIKITA, NANINIWALA SA MGA HINDI KAPANI-PANIWALA AT NAKATATANGGAP NG MGA BAGAY NA IMPOSIBLE."**
>
> **—Corrie Ten Boom,** War Hero and Author

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NG MARUMING BABAE 2

## Basahin MATEO 9:20–22; MARCOS 5:24–34; LUCAS 8:43–48

> *Sinabi sa kanya ni Jesus, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Umuwi kang mapayapa."* **LUCAS 8:48**

Isang babae na labis na nahihirapan ang nais na lumapit kay Jesus upang mapagaling Niya.

Itinuturing siyang marumi dahil labingdalawang taon na siyang dinudugo (Leviticus 15:25). Desperado na siya dahil naubos na ang lahat ng ari-arian niya sa pagpapagamot, subalit hindi siya gumagaling. Nang malaman niya ang mga ginagawa ni Jesus, alam niya na ang tangi niyang pag-asa ay ang mahawakan si Jesus.

Subalit maraming humahadlang para mangyari ito. Dahil sa siya ay itinuturing na marumi, ang lahat ng hawakan niya ay ituturing rin na marumi. Siya ay itinakwil ng lipunan. Hindi siya basta na lamang makakalapit kay Jesus. Hinaharangan din siya ng napakaraming tao na nakapalibot kay Jesus.

Sa kabila ng mga hadlang na ito, nagpakita siya ng dakilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpupumilit na makalapit kay Jesus. Kinilala niya ang kapangyarihan ni Jesus at naisip niya, "Mahipo ko lang ang damit niya ay gagaling ako" (Marcos 5:28). Kahit na marumi ang babae, hindi narumihan si Jesus nang mahawakan niya ang Kanyang damit. Sa halip, natanggap niya ang Kanyang kapangyarihan, na agad-agad na nagpagaling sa kanya.

Maraming tao ang humahawak kay Jesus noong mga oras na iyon. Subalit ang tumawag ng Kanyang pansin ay ang pananampalataya ng babae. Ang pananampalataya ang tulay na nag-uugnay sa kapangyarihan ng Diyos at sa tao. Sa pamamagitan ng pananampalataya, napagtatagumpayan natin ang lahat ng hadlang at kinikilala natin na ang Diyos ang pinagmumulan ng kapangyarihan at ng kasagutan na pinaniniwalaan natin.

***Ang dakilang pananampalataya ay patuloy sa paglapit kay Jesus at sa kasagutang dala Niya kahit ano pa ang humadlang sa atin.***

## *Isapamuhay*

Nakaranas ka na ba ng sitwasyon kung saan lumapit ka na sa lahat ng mga eksperto subalit wala ka pa ring napala? Ano ang sinasabi ng Isaias 40:31 tungkol sa pag-asa? Paano natin dapat harapin ang mga sitwasyong tila wala ng pag-asa?

Itinuturing mo ba ang Diyos bilang unang kasagutan sa tuwing nahaharap ka sa isang mahirap na sitwasyon? Paano ka makasisiguro na simula ngayon, lalapit ka sa Diyos bago ka pa lumapit sa iba?

# *Manalangin*

☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango sa Mga Salmo 103:2,3; Lucas 1:37; 1 Juan 5:3–5; Mga Taga-Roma 15:13.*

Pararangalan kita o Diyos ng buong puso, kaluluwa, at kalakasan ko. Hindi Kita kalilimutan, maging ang mga pangako mo. Pinasasalamatan kita dahil pinatawad mo ang lahat ng kasalanan ko at pinagaling mo ang lahat ng aking karamdaman. Alam ko, at inihahayag ko na walang imposible sa Iyo.

Alam ko na dahil ako ay anak Mo, kaya kong pagtagumpayan ang mundo. Napagtagumpayan na ito ng Diyos dahil sa pananampalataya. Nananampalataya ako, at dahil sa pag-ibig mo, susundin ko ang Iyong mga utos.

Sa patuloy kong pamumuhay sa Iyong Espiritu, pupunuin mo ang buhay ko ng Iyong kasiyahan at kapayapaan, upang umapaw ang aking pag-asa.

☐ **Personal na Panalangin** (pahina 9)

☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 10)

☐ **Aking Iglesya** (pahina 11)

☐ **Aking Komunidad** (pahina 11)

☐ **Aking Bansa** (pahina 11)

# Isaulo

*[20]Purihin natin ang Diyos na makakagawa ng higit pa sa hinihingi o inaasahan natin sa pamamagitan ng kapangyarihan niyang kumikilos sa atin. [21]Purihin natin siya magpakailanman dahil sa mga ginawa niya para sa iglesya na nakay Cristo Jesus. Amen.* **MGA TAGA-EFESO 3:20,21**

> ***"WALANG PANANAMPALATAYANG KASING HALAGA NG PANANAMPALATAYANG NABUBUHAY AT NAGTATAGUMPAY SA PAMAMAGITAN NG PAGHIHIRAP. ANG PANANAMPALATAYANG SINUBUKAN AY NAGDADALA NG KASANAYAN. HINDI MO MAPANINIWALAAN ANG SARILI MONG KAHINAAN KUNG HINDI MO KINAILANGANG DUMAAN SA MGA PAGSUBOK. AT HINDI MO MAKIKILALA ANG KALAKASAN NG DIYOS KUNG HINDI MO KINAILANGAN ANG KANYANG KALAKASAN UPANG MALAGPASAN ANG MGA ITO."***
>
> **—Charles Spurgeon,** Preacher

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NG KAPITAN

3

## Basahin MATEO 8:5–13; LUCAS 7:1–10

> *[3]Kaya nang mabalitaan ng kapitan ang tungkol kay Jesus, sinugo niya ang ilang mga pinuno ng mga Judio para pakiusapan si Jesus na pumunta sa bahay niya at pagalingin ang kanyang alipin . . . [9]Nang marinig ito ni Jesus, namangha siya sa kapitan at sinabi niya sa mga taong sumusunod sa kanya, "Hindi pa ako nakakita ng isang tao sa Israel na may ganitong pananampalataya."* **LUCAS 7:3,9**

Ang kapitan ang namumuno sa pinakamaliit na pangkat ng isang hukbong Romano. Nakatalaga sa kanya ang halos isang daang kalalakihan. Sila ay maimpluwensya, makapangyarihan, at mahusay sa pakikipaglaban. Noong mga panahong ito, ang mga bayan ng Israel at Judah ay nasa ilalim ng pamamahala ng Roma. Tulad ng inaasahan, hindi nakikipagkaibigan ang mga Judio sa mga taga-Roma. Subalit hiniling ng isang kapitang Romano na pagalingin ni Jesus ang kanyang alipin.

Hindi nakakasiguro ang kapitan na pagagalingin ni Jesus ang alipin niyang may sakit. Dahil dito, nagpadala siya ng ilang mga pinunong Judio, sa pag-asang makikinig si Jesus sa kanila. Alam ng kapitan na hindi siya karapat-dapat puntahan ni Jesus sa kanyang tahanan dahil sa kung sino siya at sa kanyang mga ginagawa. Sa kabila nito, humiling pa rin siya kay Jesus ng isang himala. Naintindihan at kinilala ng kapitan ang awtoridad ni Jesus, at na sa Kanyang salita, nangyayari ang mga himala.

Namangha si Jesus sa pananampalataya ng kapitan at sinabi Niya, "Hindi pa ako nakakita ng isang tao sa Israel na may ganitong pananampalataya."

Minsan, napapaisip tayo kung karapat-dapat ba tayong tumanggap ng kasagutan sa mga panalangin natin. Minsan naman ay tinatanong natin ang ating mga sarili kung, "Nais kaya ni Jesus na pumasok sa sitwasyon kong ito?" Ang ganitong mga tanong ay nagiging hadlang sa pagkilos natin nang may pananampalataya. Tumitigil tayong manalangin at lumapit sa Diyos dahil pakiramdam natin ay hindi tayo karapat-dapat. Subalit ang pananampalataya natin ay hindi dapat na nakasalalay sa atin kundi kay Jesus at sa Kanyang Salita. Kung ang kagustuhan natin ay

umaayon sa kagustuhan Niya, ang pananampaltaya para sa mga bagay na imposible ay napapasa-atin.

Dapat nating kilalanin na ang Salita ng Diyos ay isang pangako at isang kapangyarihan na handang dumaloy habang patuloy tayong nananampalataya. Kahit pa tila malabo ang sitwasyon mo ngayon, magtiwala ka sa Kanyang Salita at awtoridad  para sa katuparan ng Kanyang kagustuhan.

***Ang dakilang pananampalataya ay kumikilala sa awtoridad ni Jesus na nangingibabaw sa ating mga kalagayan.***

# *Isapamuhay*

Pakiramdam mo ba minsan ay hindi ka karapat-dapat na tumanggap ng anumang ipinapanalangin mo? Ano ang sinasabi ng 2 Corinto 1:20 tungkol sa mga pangako ng Diyos? Paano tayo dapat tumugon dito?

Ano ang isang sinasabi sa Kasulatan na nais ng Diyos na panghawakan mo sa sitwasyong kinakaharap mo ngayon? Isulat ito at ilagay kung ano ang mga naiisip mo tugkol sa nakasaad dito. Mangakong ipapanalangin mo ang talatang ito sa buhay mo araw-araw,  sa loob ng isang linggo.

# *Manalangin*

## ☐ Paghahayag ng Pananampalataya

*Hango sa Mga Hebreo 11:6; Mga Salmo 34:17,18; Exodus 23:25; Mateo 19:26.*

Ako ay kikilos nang may pananampalataya araw-araw dahil alam ko na kung walang pananampalataya, hindi tayo makapagbibigay kasiyahan sa Kanya. Sa patuloy kong paglapit sa Iyo, maniniwala ako na Ikaw ay nariyan lamang, at gagantimpalaan mo ang mga naghahangad na makilala Ka.

Alam ko na kung ako ay hihingi ng tulong, maririnig mo ako at tutulungan mo akong makaahon sa kahirapan. Ikaw ay malapit sa mga nahihirapan at pinalalakas mo ang kanilang mga kalooban. Sa Iyo, ako ay laging may pag-asa.

Ikaw lamang ang paglilingkuran ko, at pagpapalain mo ako at pagagalingin sa anumang karamdaman. Alam ko na kahit pa imposible para sa tao ang isang bagay, ang lahat ng bagay ay posible sa Iyo.

- ☐ **Personal na Panalangin** (pahina 9)
- ☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 10)
- ☐ **Aking Iglesya** (pahina 11)
- ☐ **Aking Komunidad** (pahina 11)
- ☐ **Aking Bansa** (pahina 11)

## *Isaulo*

> *Sasampalataya lang ang tao kung maririnig niya ang mensahe tungkol kay Cristo, at maririnig lang niya ito kung may mangangaral sa kanya.*
> **MGA TAGA-ROMA 10:17**

> ***"WALANG ANUMANG IKINAGUGULAT ANG DIYOS. WALANG MAAARING HUMADLANG SA KANYANG MGA PLANO. WALANG MAAARING MAGBAGO NG KANYANG MGA LAYUNIN AT WALANG ANUMANG LABAS SA KANYANG PANGANGALAGA. SIYA ANG GANAP NA NAMAMAHALA SA LAHAT."***
> **—Joni Eareckson Tada,** Author and Quadriplegic

# ANG DAKILANG PANANAMPALATAYA NG APAT NA KALALAKIHAN

## Basahin MATEO 9:1–8; MARCOS 2:1–12

> *[5]Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, "Anak, pinatawad na ang iyong mga kasalanan." . . . [12]Tumayo nga ang paralitiko, agad na binuhat ang kanyang higaan at lumabas habang nakatingin ang lahat. Namangha ang lahat at pinuri nila ang Diyos. Sinabi nila, "Ngayon lang kami nakakita ng ganito!"* **MARCOS 2:5,12**

Sa simula pa lamang ng pagmiministeryo ni Jesus, nagpapagaling na Siya ng mga may sakit. Kung kaya't *nang agad kumalat ang balitang naroon Siya, napakaraming tao ang nagtipon doon sa tinutuluyan niya hanggang sa wala nang lugar kahit sa labas ng pintuan*. Apat na lalaki ang nagtangkang lumapit kay Jesus, dala ang kaibigan nilang hindi nakakalakad. Subalit hindi sila makalapit dahil sa dami ng tao. Dahil dito, binutasan nila ang bubong at mula doon ay ibinaba ang kanilang kaibigan sa tapat ni Jesus. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, pinatawad Niya ang kasalanan ng paralitiko at pinagaling siya.

Maraming beses na hinahayaan na lamang natin na itakda ng ating kalagayan kung ano ang huling kahihinatnan. Sa sitwasyon ng paralitiko at ng kanyang mga kaibigan, wala ng daan para makalapit pa sila kay Jesus. Sa katunayan, hindi sila makalapit kahit man lamang sa pinto. Sa ganitong mga pagkakataon, maraming tao ang susuko na lamang.

Bagama't ang pananampalataya ay naka-angkla sa mga bagay nahindi natin nakikita, ito ay nagiging kapansin-pansin pa rin. Ang apat na lalaki ay nagpakita ng dakilang pananampalataya, at ito ay napansin ni Jesus. Ang pananampalataya nila ay nakita sa mga sinabi at ginawa nila. Binuhat nila ang kanilang kaibigan at dumaan sila sa kalsada, umakyat sa hagdan hanggang sa makarating sila sa bubungan. Mula dito ay ibinaba nila ang kanilang kaibigan upang mailapit siya kay Jesus. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, pinatawad Niya ang paralitiko sa kaniyang mga kasalanan at pinagaling siya ni Jesus.

Sa halip na hayaang itakda ng kanilang sitwasyon ang kahihinatnan ng kanilang kaibigan, nagpakita ang apat na kalalakihan ng dakilang pananampalataya. Ginawa nila ang lahat  ng kanilang magagawa upang

ilapit ang kanilang kaibigan kay Jesus. Matiyaga silang naniwala na may paraan upang gumaling ang kanilang kaibigan. Hindi sila sumuko sa kabila ng mga hadlang.

Ang pananampalataya ay hindi lamang naging daan upang gumaling ang kanilang kaibigan sa kanyang karamdaman. Marami rin ang nakakita sa kapangyarihan ng Diyos at nagbigay papuri sa Kanya. Ang pananampalataya natin ay hindi lamang humahantong sa katagumpayan. Ito rin ay isang patotoo sa iba tungkol sa kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos.

***Ang dakilang pananampalataya ay nagtatagumpay sa anumang sitwasyon at gumagawa ng daan upang makamit din ng iba ang tagumpay.***

# *Isapamuhay*

Sino ang nakakasama mong maniwala para sa iyong tagumpay? Paano napapalakas ng pananampalataya ng ibang tao ang pananampalataya mo?

Bakit mahalaga na manampalataya para sa ibang tao? Sino ang iyong paralitiko? Paano ka nananampalataya para sa taong ito?

# Manalangin

☐ **Paghahayag ng Pananampalataya**

*Hango mula sa Jeremias 32:27; 1 Timoteo 6:12; Mga Taga-Efeso 3:14–17.*

Naniniwala ako na ikaw ang Panginoon, ang Diyos na may likha ng lahat. Walang anumang mahirap para sa iyo. Dahil dito, mananampalataya ako, at panghahawakan ko ang buhay na walang hanggan na ibinigay mo sa akin. Nais kong maging patotoo ang buhay ko ng kabutihan mo.

Dahil dito, lumuhuhod ako sa harapan mo. At hinihingi ko ayon sa ganap mong kadakilaan, na ako ay palakasin sa iyong kapangyarihan sa pamamagitan ng iyong Espiritu.

☐ **Personal na Panalangin** (pahina 9)

☐ **Mga Ipinapanalangin** (pahina 10)

☐ **Aking Iglesya** (pahina 11)

☐ **Aking Komunidad** (pahina 11)

☐ **Aking Bansa** (pahina 11)

# *Isaulo*

*[19]At dahil kayo'y nakay Cristo Jesus, ibibigay sa inyo ng aking Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo, mula sa kasaganaan ng kayamanan niya. [20]Purihin natin ang ating Diyos at Ama magpakailanman. Amen.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:19,20**

> ***"ANG PAG-UUGALI NATIN TUNGO SA IBA AY NAGPAPAKITA NG TUNAY NA PAG-UUGALI NATIN TUNGO SA DIYOS."***
>
> —**David Jeremiah,** Author and Preacher

*Hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos ang taong walang pananampalataya, dahil ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat maniwalang may Diyos at nagbibigay siya ng gantimpala sa mga taong humahanap sa kanya.*

**MGA HEBREO 11:6**

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

victory.org.ph victoryph

#ENfast2019 #GreatFaith2019